



MONETARY POLICY REPORT

FEBRUARY 2023

Visual Summary

Ano ang pinakahuling monetary policy decision ng BSP?


Pinanatili ng BSP ang **target reverse repurchase rate sa 6.5 percent** ngayong Pebrero 2024.



Nagpasiya ang Monetary Board na panatilihin sa 6.5 percent ang **target reverse repurchase (RRP) rate** noong Pebrero 2024, base sa mga banta sa katatagan ng presyo ng mga bilihan sa gitna ng bumubuting kondisyon ng *inflation*.

Bumaba ang **inflation forecast** para sa 2024, habang hindi naman gaanong nagbago ang **forecast** para sa 2025.*

The BSP's Inflation Forecasts



Source: Department of Economic Research, BSP

*Base sa pinakahuling *risk-adjusted forecasts* ng BSP nitong 14 February 2024 na *monetary policy meeting*.

Ang *inflation* ay ang bilis ng pagtaas ng presyo ng mga produkto at serbisyo sa isang bansa sa loob ng isang panahon.

Bumaba sa 3.9 percent ang pinakahuling *risk-adjusted inflation forecast* para sa 2024, mula sa 4.4 percent na nakasaad sa Monetary Policy Report noong Nobyembre 2023. Pasok na ang *forecast* sa loob ng *inflation target range* ng BSP.

Nabawasan ang inaasahang banta sa *inflation outlook* sa 2024 dahil sa mababang posibilidad ng pagtaas ng pamasaha; mas mahinang epekto ng mataas na pandaigdigang presyo ng langis; at napapanahong pagpapatuloy ng Executive Order No. 10.*

Samantala, ang *risk-adjusted inflation forecast* para sa 2025 ay bahagyang gumalaw mula 3.4 percent patungo sa 3.5 percent dahil sa inaasahang pagtaas ng presyo ng kuryente.

*Executive Order No. 10—Extending the Temporary Modification of Rates of Import Duty on Various Products Under Section 1611 of Republic Act No. 10863, Otherwise Known as the “Customs Modernization and Tariff Act”



Bumaba ang banta sa inflation para sa 2024 kumpara noong Nobyembre 2023 MPR, ngunit may mga bagay pa rin na maaaring magpabilis sa inflation.

Upside risks: Mga dahilan kung bakit maaaring lumagpas ang inflation sa forecast




Maaaring lumagpas ang *inflation* kaysa sa *forecast* ng BSP dahil sa mga *pressures* gaya ng mas mataas na pamasaha, karagdagang pagtaas ng presyo ng kuryente, mas mahal na presyo ng langis at dagdag na epekto ng El Niño sa presyo ng pagkain.

Downside risks: Mga dahilan na maaaring magdulot ng mas mababang inflation



Sa kabilang banda, ang pagpapatupad ng mga hakbang ng gobyerno upang maibsan ang epekto ng El Niño ay maaaring magpabagal ng *inflation*.

Ang inflation expectations ay nasa loob na ng inflation target range.



Ayon sa resulta ng *Survey of External Forecasters** na isinagawa ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) noong Pebrero 2024, hindi nagbago ang *mean inflation forecasts* para sa 2024 na nasa 3.9 percent, at 2026 na nasa 3.4 percent, kumpara sa resulta ng kaparehong survey na isinigawa noong Enero 2024.

Ang *mean inflation forecast* naman para sa 2025 ay bahagyang tumaas sa 3.5 percent mula sa 3.4 percent.

Inaasahan ng mga *analysts* na mananatiling maayos ang *inflation* sa 2024 at nasa loob ng *target range* ng BSP.

*Survey ng 24 *analysts/ekonomista* mula sa pribadong sektor na isinigawa noong 6-12 Pebrero 2024




MONETARY POLICY REPORT

FEBRUARY 2023

Visual Summary

Inaasahang mananatili ang masiglang paglago ng ekonomiya sa mga darating na taon.

Gross Domestic Product (At Constant 2018 Prices)
year-on-year growth rates; in percent
Q4 2018-2019 to Q4 2022-2023



Source: Philippine Statistics Authority (PSA)

Nananatiling handa ang BSP na baguhin ang *monetary policy setting*, kung kinakailangan, upang mapanatili ang *price stability* sa bansa, alinsunod sa pangunahin nitong mandato.



Tumaas ang *gross domestic product* (GDP) ng 5.6 percent noong Q4 2023 mula 7.1 percent noong Q4 2022, dulot ng malakas na *domestic demand*.

Maaaring makita ngayong taon ang epekto ng mga naunang pagtaas ng *target RRP rate* ng BSP. Gayunpaman, inaasahang mananatili ang masiglang paglago ng ekonomiya sa mga darating na taon.

Ang inaasahang paglago ng ekonomiya ay sinusuportahan ng mas magandang *global growth outlook* at pagbaba ng pandaigdigang presyo ng langis. Makatutulong din ang mga ipinapatupad na *structural reform measures* na magpapahusay sa *investment climate* at *economic sentiment* sa bansa.

Maaaring mas bumagal ang *inflation* sa mga susunod na buwan kung hindi magkakaroon ng karagdagang *supply-side shocks*.

Patuloy na sinusuportahan ng BSP ang mga *non-monetary measures* ng pamahalaan upang tugunan ang *supply-side pressures* sa presyo ng mga bilingin.

Nananatiling handa ang BSP na tumugon sa anumang banta sa *inflation*, kung kinakailangan, alinsunod sa pangunahin nitong mandato na panatilihin ang *price stability* sa bansa.